Department of Education

# Edukasyon sa Pagpapakatao 3

## Pagkilala sa Pagkakaiba-iba ng Tao

### Second Quarter - Week 6




Cristine D. Victoria / Cherie Ann M. Bolaños
**Manunulat**

Annie D. Pesito / Mrs. Rhodora V. Mandap
***Tagasuri***

**Schools Division Office – Muntinlupa City**
Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940

## *Inaasahan*

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naisasaalang-alang ang katayuan/kalagayan/pangkat etnikong kinabibilangan ng kapwa bata sa pamamagitan ng pagbabahagi ng pagkain, laruan, damit, gamit at iba pa. Code: EsP3P-IIf-g-16
2. Naipapaliwanag ang kahulugan ang grupong etniko.
3. Napalalawak ang pang-unawa sa mga grupong etniko ayon sa pananamit, pagkain at mga uri ng laruan

## Unang Pagsubok

Basahin ang maikling kuwento. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**Ang Mabait na Bata**

Sa pagpasok sa paaralan ni Nora nakita niya agad na mayroon silang bagong kaklase. Nang magsimula na ang klase ipinakilala ni Gng. Espiritu si John bilang bago nilang kaklase. Sinabi rin niya si John ay isang Aeta dahilan kung bakit kulot ang buhok nito. Dahil bago lang sa klase tahimik lang sa upuan si John at hindi pa nagsisimulang gumawa sa pinagagawa ng kanilang guro.

Nilapitan ni Nora si John upang tanungin kung bakit hindi pa ito nagsisimulang magsulat. Napayuko at nahihiyang nagsabi si John na wala siyang lapis at papel. Kaya dali-daling kumuha ng lapis at papel si Nora upang ibigay ito kay John. Masayang masaya si John at napagsalamat sa mabuting ginawa sa kanya ni Nora. Di naglaon naging matalik na magkaibigan ang dalawa.

*Sagutin ang mga Tanong:*

1. Ano ang kaibahan ni John kay Nora at sa iba pang kaklase?

   ____________________________________________

2. Bakit hindi gumagawa si John ng ipinagawa ng guro?

   ____________________________________________

3. Paano ipinakikita ni Nora ang pagmamalasakit kay John bilang bago niyang kaklase?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Tama ba ang ginawa ni Nora kay John? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Kung ikaw si Nora, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa?

_______________________________________________

_______________________________________________

## Balik-tanaw

Marapat na isaalang-alang natin ang kalagayan ng ating kapuwa bata. Pakisamahan natin sila nang maayos at ibigay ang nararapat na tulong para sa kanila.

Panuto: Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pagsasaaalang-alang sa katayuan o kalagyaan ng iyong kapuwa bata at malungkot na mukha ( ☹ ) kung hindi.

__________1. Lumalahok sa mga outreach program ng barangay, pagpapadala ng pagkain at mga damit sa mga batang nasa malalayong lugar.

__________2. Iniinggit ang mga kalaro sa laruang bagong bili ng magulang.

__________3. Binibigyan ng pagkain ang batang nagugutom sa kalye.

__________4. Nakikibahagi sa pagbibigay ng tulong sa mga bahay-apunan.

__________5. Kapag may kalarong walang makain at nagugutom, ito ay hinahatian ni Julian.




# Maikiling Pagpapakilala ng Aralin


Basahin ang kuwento:

**Ang Matulunging Bata**

Sa loob ng silid-aralan, tahimik na gumagawa ang mga bata ng kanilang pagsasanay sa Filipino. Napansin ni Lita si Lawaan, ang bago nilang kaklaseng Aeta na hindi mapakali sa upuan. Wala siyang lapis at papel na gagamitin.



Dali-daling kinuha ni Lita ang iba pa niyang lapis at papel sa kaniyang bag at ibinigay kay Lawaan. Laking gulat at pasasalamat ng bata kay Lita. Masaya niyang tinanggap ang tulong ni Lita at sila ay naging mabuting magkaibigan.



**Pag-usapan natin.**

1. Ano ang kaibahan ni Lawaan kay Lita?
   ______________________________________________________________
2. Bakit hindi mapakali si Lawaan sa kaniyang upuan?
   ______________________________________________________________
3. Paano ipinakita ni Lita ang pagmamalasakit sa bago niyang kaklase?
   ______________________________________________________________
4. Kung sa iyo ito nangyari, ano ang gagawin mo? Bakit?
   ______________________________________________________________
5. Nakaranas ka na ba ng pangyayari na katulad ng kay Lita? Ano ang iyong ginawa?
   ______________________________________________________________



## Gawain 1

Iba-iba ang pangkat na kinabibilangan ng mamamayang Pilipino. Dahil ito sa pagiging kapuluan ng ating bansa kung kaya't mayroon tayong tinatawag na pangkat etniko. Sila ay binubuo ng iba't-ibang pangkat ng taong kinabibilangan na may sariling wika, tradisyon, relihiyon, paniniwala at maging hanapbuhay.

Mga halimbawa ng pangkat etnikong kilala sa Pilipinas:

1. ***Mangyan*** - Naninirahan sa mga liblib na pook ng Mindoro ang mga Mangyan. Mahiyain silang tribo. Kayumanggi ang kanilang kulay, itim ang buhok, may maamong mata at katamtaman ang tangkad.

2. ***Ifugao*** - Sa gitnang bahagi ng hilagang Luzon ang tirahan ng mga Ifugao. Galing sa salitang Ipugo na ang ibig sabihin ay "mula sa mga burol" ang salitang Ifugao.
3. ***Kalinga*** - Matatagpuan ang mga Kalinga sa pinakahilagang bahagi ng Luzon. Mahilig sila sa makukulay na pananamit at pampaganda. Napakahalaga sa kanila ng mga

pampalamuting alahas sa buong katawan. Ang ibinibigay na dote para sa ikakasal ay tinatawag na ballong o kalon.

4. ***Maranao*** - Ang mga Maranao ay nakatira sa paligid ng Lawa ng Lanao – Lanao del Sur, Lanao del Norte, Lungsod ng Marawi at Lungsod ng Iligan. "Lawa" ang kahulugan ng salitang "ranao" kung saan hinango ang kanilang pangalan.
5. ***Tausug*** - Kinikilala sa katapangan at kahusayan sa pakikidigma ang mga Tausug. Hindi sila kailanman umuurong sa anumang labanan sapagkat para sa kanila, ang karuwagan ay batik sa karangalan ng pamilya. Likas na mapagbigay at palakaibigan ang mga Tausug. Nalinang ang ugaling ito sa kanilang pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan sa mga tao sa Timog-silangang Asya.
6. ***Badjao*** - Ang pangkat na Badjao ay naninirahan sa Sulu, sa mga bayan ng Maubu, Bus-bus, Tanjung, Pata, Tapul, Lugus, Bangas, Parang, Maimbung, Karungdung at Talipaw. Tinatawag din silang Luaan, Lutaos, Bajau, Orang Laut, Samal Pal'u at Pala'u. Samal ang kanilang wika.
7. ***Aeta*** - Pangkat-etniko na nakatira sa kalat at liblib na mga bahaging bulubundukin ng Luzon, Pilipinas. Itinuturing sila bilang mga Negrito, na mayroong mga balat na maiitim o madidilim ang pagkakayumanggi at mayroong mga tampok na katangian ng pagiging maliliit ang taas, maliliit ang balangkas, mayroong mga buhok na kulot.

Ang bawat pangkat ay may sari-sariling katayuan, kalagayan, kultura, pinaniniwalaan at pamumuhay.

Palagi nating tatandaan na ang lahat ng tao ay pantay-pantay kahit ano pang iyong pinanggalingan. Bilang kapwa Filipino, mahalaga na pakitunguhan sila nang mabuti at may pagmamalasakit.

**Panuto:**

Isipin kung anong pangkat etniko ang tinutukoy sa bawat tanong. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Badjao** | **Tausog** | **Aeta** | **Ifugao** |
| | **Maranao** | **Mangyan** | |

__________1. Anong pangkat etniko ang kinikilala sa katapangan at kahusayan sa pakikidigma at hindi kailanman umuurong sa labanan?

__________2. "Lawa" ang kahulugan ng salitang "ranao" kung saan hinango ang kanilang pangalan. Anong pangkat etniko ito?

__________3. Itinuturing sila bilang mga Negrito, na mayroong mga balat na maiitim o madidilim ang pagkakayumanggi at mayroong mga tampok na katangian ng pagiging maliliit ang taas, maliliit ang balangkas, mayroong mga buhok na kulot.

__________4. Sila ay naninirahan sa mga liblib na pook ng Mindoro. Anong pangkat etniko sila nabibilang?

__________5. Ang pangalan ng kanilang pangkat ay mula salitang ipugo na ang ibig sabihin ay "mula sa mga burol"

## GAWAIN 2

Iguhit ang puso (♡) kung pangungusap nagpapahayag ng pagsasaalang-alang sa katayuan o kalagayan ng iyong kapuwa bata at bilog (○) kung hinndi.

__________1. Binabahagian ko ng pagkain kong baon ang kaklase kong walang baon.

__________2. Nagbabahagi ako sa mga batang nangangailangan.

__________3. Tuwing magpapasko lagi akong sumasama sa aming Kapitan upang magpasaya sa mga batang nasa bahay ampunan.

__________4. Binibigyan ko ng damit ang batang butas at punit ang suot.

__________5. Kami ay nagapapadala ng tulong sa mga lugar na nasalanta ng kalamidad.

## GAWAIN 3

Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat kung paano mo maisaalang-alang ang katayuan, kalagayan at pagiging kasapi ng pangkat-etniko ng kapuwa mo bata. Isulat ang iyong sagot sa nakalaan na guhit.

1. May bagong kapitbahay si Maya na isang Tausug. Nakita niyang nanonood lamang ito sa kanila habang naglalaro sila ng mga kaibigan niya. Ano ang dapat niyang gawin?

   ________________________________________________
   ________________________________________________

2. Nagkaroon ng proyekto ang paaralan nila Jen para sa isang pangkat-etniko. Nilalayon ng proyektong ito na magbigay ng mga damit, pagkain at iba pang pangangailangan. Inaanyayahan ang lahat ng mag-aarala na makisali at tumulong. Ano ang dapat mong gawin?

   ________________________________________________
   ________________________________________________

3. Si Charito ay may kaklaseng Bisaya at nahihirapan itong makipag-usap sa kanyang mga kaklase dahil kalilipat lamang nila mula sa probinsiya. Ano ang dapat mong gawin?

   ________________________________________________
   ________________________________________________

4. May palatuntunan sa inyong paaralan ukol sa paligsahan sa pagsulat ng artikulo hinggil sa kahalagahan ng kultura ng mga pangkat-etniko. Ano ang dapat mong gawin?

   ________________________________________________
   ________________________________________________

5. Nanghihiram ang kaklaseng Bikolano ni Mayet sa kanya ng lapis at pambura dahil naiwan nito ang kanyang gamit sa bahay ngunit nahihirapan itong makipag usap gamit ang salitang Tagalog. Ano ang dapat mong gawin?

   ________________________________________________
   ________________________________________________

## GAWAIN 4

Gumupit o gumuhit ng dalawang larawan na nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa katayuan/kalagayan/ pangkat-

etnikong kinabibilangan ng kapuwa bata. Sumulat ng pangungusap tungkol sa larawang ginupit.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

_____________________________________________________________________.

## GAWAIN 5

Gumawa ka ng isang liham pangkaibigan para sa isang batang kabilang sa pangkat-etnikong na kaiba sa inyo. Ipakita sa liham kung paano mo isinaalang-alang ang kaniyang kaibahan sa inyo.



## Tandaan

Lahat ng tao ay pantay-pantay anuman ang pangkat-etnikong ating kinabibilangan. Kung kaya dapat nating isaalang-alang ito sa pakikitungo sa ating kapuwa bata.


Nasasaad sa Deklarasyon ng United Nations, Katutubo na ang mga katutubo~~nn~~ ay kapantay ng lahat ng tao, at mahalagang kilalanin ang karapatan ng pagkakaiba ng lahat ng tao, pagsasaalang-alang sa pagkakaiba, at paggalang sa kakayahan. Magkakaiba man tayo ng pangkat-etnikong kinabibilangan, lahat tayo ay nakapag-ambag sa kasaysayan at kultura ng ating bayan. May iba-iba man tayong paniniwala, panuntunan, kinagawian, relihiyon, at kultura, tayo ay iisa pa rin.

Isaalang-alang ang kinabibilangan pangkat-etniko ng bawat isa sa atin. Magkaiba man tayo, dapat natin silang pakitunguhan nang maayos at tulungan kung kinakailangan.



## Pag-alam sa mga Natutunan

Sumulat nang isang pangkat-etniko. Sa ibaba nitong kahon isulat ang mga paraan kung paano mo mapapahalagahan ang mga kasapi ng napiling pangkat-etniko.





# Pangwakas na Pagsusulit

Isulat ang salitang **Tama** kung ang pangungusap ay tama na nagpapakita nga pagsasaalang-alang ng pangkat-etnikong kinabibilangan ng kapuwa at **Mali** kung hindi.

__________1. Magkakaiba man tayo ng pangkat-etnikong kinabibilangan, lahat naman tayo ay may ambag sa kasaysayan at kultura ng ating bayan.

__________2. Ating isaalang-alang ang kinabibilangang pangkat-etniko ng ating kapuwa.

__________3. Lahat tayo ay pantay-pantay anuman ang pangkat-etikong ating kinabibilangan.

__________4. Hindi isinasali ang batang naiiba ang pangkat-etniko.

Hinahayaan lamang ang batang Aeta na walang kausap.

__________5. Pagbibigay galang sa ibang pangkat-etniko na nasa inyong kumunidad.

## *Sanggunian:*

LM sa Edukasyon sa Pagpapakatao 3: Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon, Pasig City.